

SOCIOLINGUISTIC ANALYSIS OF VERBAL AFFIXATION OF AKLAN: A PEDAGOGICAL CLASSROOM WORK AS BASIS TO GRAMMATICAL RULE FORMULATION

ELSON CRUZ GONZALES

Aklan State University
elsoncruzgonzales@gmail.com

Abstract

The study aimed to analyse the affixes of the Aklanon language according to its clusters: Aklanon-Inakeanon, Aklanon-Buruanganon, Aklanon-Malaynon, and Aklanon-Nabasnon in the lens of the sociolinguistic approach in order to create materials that can be used in the teaching of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) in the province of Aklan. Specifically, it aspired to develop a grammatical rule towards the development of regional languages especially in the aspect of verbs. The design was descriptive-analytical using purposive sampling; descriptively analysed the data according to each corpus in five (5) domains: Livelihood, Celebration, Superstition/Belief, Literature, and Daily Life. It was found that almost all the suffixes applied to each corpus were the same, but differed only in pronunciation due to the voiced velar fricative “y”. There was also a morphophonemic change in each corpus collected. The study suggested that there should be an emphasis on the formulation of pedagogical materials according to the need and its authors should be native.

Keywords: verbal affixation, corpus, Aklanon Language, Sociolinguistics

SOSYOLINGGUWISTIKONG PAGSUSURI SA MGA PANLAPING MAKADIWA NG AKLAN: ISANG PEDAGOHICAL NA GAWAING PANGKLASRUM AT TUGON SA PAGBABALANGKAS NG TUNTUNING PANGGRAMATIKA

ELSON CRUZ GONZALES

Aklan State University
elsoncruzgonzales@gmail.com

Abstrak

Isinakatuparan ng pag-aaral na masuri ang mga panlaping makadiwa ng Wikang Aklanon ayon sa mga klaster: Aklanon-Inakeanon, Aklanon-Buruanganon, Aklanon-Malaynon, at Aklanon-Nabasnon sa lente ng sosyolingguwistikong dulong upang makapagsagawa ng mga materlayes na magagamit sa pagtuturo ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa bawat klaster ng probinsiya ng Aklan, higit lolong makabuo ng isang tuntuning panggramatika tungo sa pagdebelop ng rehiyonal na mga wika partikular sa aspekto ng pandiwa pandiwa. Ang desinyo ay diskriptib-analitik gamit ang *purposive sampling*; diskriptibong sinuri ang mga datos ayon sa bawat kurpos sa limang (5) domeyn: Pamumuhay, Pagdiriwang, Pamahiin/Paniniwala, Panitikan, at Pang-araw-araw na Pamunuhay. Natuklasan na halos lahat ng mga panlaping inilapat sa bawat kurpos ay magkapareho, ngunit nagkaiba lamang sa paraan ng pagbigkas dahil sa *voiced velar fricative* na “y”. Nagkaroon din ng pagbabagong morpoponomiko sa bawat kurpos na nalikom. Iminungkahi ng pag-aaral na ito na magkaroon ng pagbibigay diin sa pagbabalangkas ng mga pedagogikal na materyales ayon sa pangangailangan at nararapat na tumandok ang mga may-akda nito.

Susing salita: panlaping makadiwa, kurpos, Wikang Aklanon, Sosyolingguwistiko

Introduksyon

Mahalagang magkaroon ng malawak na kaalaman patungkol sa sariling wika sa paraang pasulat o pasalita man upang maiangkla ang mga mahahalagang mekanismo sa pagkatuto ng unang wika (W1) patungo sa pagkatututo sa ikalawang wika (W2) at iba pang mga wika at wikain sa mundo. Kaakibat sa pag-alam nito ang puspusang pagtingin sa kagandahan ng bawat kurpos, estruktura, at kahulugan kasama ang tunguhing magkaroon pa ng malalim na ugnayan ang tao at ang wikang ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Ang Probinsya ng Aklan ay kilala hindi lamang sa mayaman nitong kultura, bagkus ay nagtataglay pa ito ng katangi-taging mga wikain na masasabing kaiba sa lahat; natatangi sapagkat sa mga *voiced velar fricative* na “y” (*ang impormasyon patungkol sa VVF ay mula sa pag-aaral nina dela Cruz at Zorc, 1968*) nagkakaroon ito ng iba’t ibang tunog kagaya ng “ae”, “ea”, “oe”, “eo”, “ue”, “eu”, “ie”, “ei”, “eae” “eoe” na taglay ang lumang mga salitang mayroon ang probinsya partikular sa klaster ng Aklanon-Inakeanon. Halimbawa: baeay, (bahay) uean, (ulan), eapuk (putik), at iba pa. Habang sa ibang klaster naman, ang VVF ay nagiging ponemang/katinig /l/ ang mga ito. Halimbawa: balay (bahay), ulan (ulan), lapok (putik) at iba pa.

Totoong umiiba ang mga katawagan o wika kahit pa ang mga ito’y nakapaloob lamang sa iisang lugar o lalawigan; umuugat ito sa mga karanasan/kinalakhan, kultura, mga mamamayan o naninirahan, at iba pang mga salik na humahantong sa pagkakaiba-iba ng wikang sinasalita.

Sinimulang ginalugad ang mga datos ng pag-aaral na ito sa bawat baryabol (klaster) upang itaon ang mga resulta sa pagsusuri ng mga panlaping makadiwa nang sa gayon ay makabuo ng basihan sa pagbabalangkas ng pedagogikal na gawaing pangklasrum at tuntuning panggramatika.

Sa pagsusuri sa mga panlaping makadiwa ng diyalektong Akeanon o Inakeanon, nakabuo ng isang materyales na makatutulong na magkaroon ng isang istandard na tuntuning panggramatika sa bawat klaster. Pokus nito ang tunguhin na makapagsagawa ng ganitong uri ng pag-aaral nang sa gayon ay mabigyan ng tugon ang matagal nang usaping pangramatika at kakulangan sa matibay na impormasyon patungkol sa wikang

ito. Higit sa lahat, lubos na naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay paunang hakbangin sa pagkakaroon ng mga materyales na maaaring gamitin sa silid-aralan bilang kaagapay na sanggunian sa kurikulum ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE) na pinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Ngunit ang malaking hamon sa hangaring ito'y nangangailangan ng mga may-akdang "tumandok" o katutubong magsasagawa nito sa bawat klaster upang magpatuloy at mapanatili ang paggamit ng bawat diyalekto, higit lalong mabigyan ng tuon at mapadaling ituro sa mga mag-aaral ang pinakakailangan nilang kontent sa labas at apat na sulok ng silid-aralan.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nilayong suriin ang mga panlaping makadiwa ng Aklan gamit ang sosyolingguwistikong dulog upang maging paunang hakbang sa pagbuo ng isang pedagohikal na gawaing pangklasrum at tuntuning panggramatika kung saan nais sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga kurpos mula sa iba't ibang domeyn ng bawat klaster?
2. Ano-ano ang mga naisagawang sosyolingguwistikong pagsusuri sa mga kurpos ng bawat klaster upang makabuo ng tuntuning panggramatika sa mga sumusunod na Aspekto:
 - 2.1 Aspektong Perpektibo (pangnagdaan);
 - 2.2 Aspektong Imperpektibo (pangkasalukuyan);
 - 2.3 Aspektong Kontemplatibo (panghinaharap)

Mga Kaugay na Literatura at Pag-aaral

Ang mga wika sa Pilipinas ay pinaniniwalaang isa sa sampung bansa sa buong mundo na may malaking pagkakaiba o *linguistically diverse*; may sarili itong kakanyahan at paraan upang maunawaan; pumapangalawa naman sa Southeast Asia na mayroong pagkakaiba (Lewis, Simon and Fennig, 2014). Anuman ang pundasyon ng wika, kailangan itong isakonteksto ayon sa nagbabago-bagong kondisyon ng lugar, panahon, at kaugalian. Nagsisimula ito sa mga tila payak na konsepto ngunit maaaring lumitaw na mahigpit na konektado sa usapin ng relihiyon, tradisyon, kasarian, nasyonalismo, uring panlipunan, identidad, at iba pang tagatukoy ng mga kondisyong lilikha at lilikha ng kaibahan (KWF, 2012).

Dagdag pa nito, ang isang tunay na wika ay patuloy na itinutulak at hinihila sa pamamagitan ng iba't ibang nagsasalita sa iba't ibang paraan. Sa bawat lugar ay may iba't ibang paraan sa paggamit lalo sa pagkakabit ng mga panlapi sa pandiwa sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan (Pinker, 2007).

Sinang-ayunan ito ni Labov (2006), na ang pag-uugali sa wika ng mga indibidwal ay hindi maaaring maunawaan nang walang kaalaman sa mga pamayanan na kanilang pag-aari. Mahalagang may sapat na kaalaman sa wika na ginagamit ng mamamayan sa tiyak na lugar upang magkaroon ng malawak na kaalam tungkol dito lalo na sa nagsasalita ng wika.

Sa paggamit ng sosyolingguwistikong dulog sa pagpapalabas ng mainam at makabuluhang datos, nangangailangang galugarin ang iba't ibang paraan upang makalap at magkaroon ng pagsasakatuparan ang isinasagawang pag-aaral.

Kapag ang isang tao ay may kakayahang manipulahin ang kaniyang gamit ng wika upang ito ay umayon sa hinihinging sitwasyon ng pakikipagtalastasan, masasabing siya ay nagtataglay ng tinatawag na kakayahang sosyolingguwistiko (*sociolinguistic competence*). Bukod sa pagtataglay ng kakayahang lingguwistiko, isinasaalang-alang din ang ugnayan ng mga nag-uusap, ang impormasyong pinag-uusapan, at ang lugar ng kanilang pinag-uusapan. Samakatuwid, itinuturing na mahalaga rin ang pag-unawa sa kontekstong sosyal ng isang wika (Nuncio, 2016). Kaugnay ng sosyolingguwistika, ang iba't ibang salik ng isang panlipunang sitwasyon, at gaya ng panahon, kontekstong kultural, lunan ng usapan maging edad, kasarian, propesyon, at pangkat ng mga taong sangkot sa usapan ay kailangang bigyan-pansin at unawain sapagkat ang mga ito ay maaaring makaapekto sa kaangkupan ng gamit ng isang wika sa isang sitwasyong komunikatibo (Nuncio, 2016).

Ang pedagogikal na grammar ay isang gabay tungo sa pagbabalangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng wika (Alvarado, 2021).

Humubog ng isang makabuluhang modelong pangwika at pangkultura na magagamit sa pagbuo ng isang panibagong pag-aaral ang isinagawang pagsusuri sa mga kurpos ng mga panlaping makadiwa ng Sinugbuanon'g Binisaya gamit ang isang sosyolingguwistikong dulog sa pagtuklas ng mga datos (Bacalla, 2021). Pinagtuunan ng pansin ang pagbubuo ng mga salita sa Sinugbuanon'g Binisaya sa pamamagitan ng aspekto ng pandiwa gamit ang iba't ibang panlapi. Inihanay ang mga salita ayon sa malayang morpema at di-malayang morpema; gumamit ng sosyolingguwistikong lapit upang mailarawan ang paraan ng paggamit ng mga salita ng mga kalahok batay sa kanilang lugar at mga kaugalian.

Ang pagtuklas ng pagkakatulad at pagkaiiba ng mga salitang katumbas sa dalawang wika ay pinagtuunan ang paghahambing na pagsusuri ng mga pandiwang Filipino at Akeanon batay sa Aspekto at Pokus nito (Mindanao, 2016).

Ang wika ay isang biyaya na masasabing kayamanan ng halos lahat ng gumagamit nito sapagkat sa hindi hindi matawarang kahalagahan nito Dapat lamang na ito ay pinapahalagahan, pinapayaman, pinauunlad, at malayang gingamit ng bawat isa.

Mga Pamamaraan sa Pag-aaral at Metodo

Mga Informante ng Pag-aaral

<https://ijase.org>

Ang mga informante ng pag-aaral na ito ay mga matatandang Aklanon sa bawat klaster na may edad 60 pataas upang mabuo ang mga kurpos sa domeyn ng Pagdiriwang, Pamahiin/Paniniwala, Panitikan, at Pang-araw-araw na Pamumuhay. Habang sa domeyn ng Pamumuhay, mga mangingisdag Aklanon na may edad 40 pataas ang naging informante.

Sa katunayan, naging informante rin ng pag-aaral na ito ang mga guro sa wika, at may-akda. Sila ang nag-ebalweyt ng mga resulta at pagsusuring isinagawa.

Ang ginamit na metodolohiya sa pag-aaral na ito ay diskriptib-analitik habang *purposive sampling* naman sa pagkalap ng mga datos.

Pangangalap ng Datos

May mga hakbanging ginawa ang mananaliksik sa pagkalap ng mga datos sa iba't ibang klaster sa probinsya ng Aklan. Binigyang tuon din ang konsiderasyong etikal sa kabuuang pangangalap ng datos. Maingat at maalam na itinala ang mga kurpos mula sa mga informante ng pag-aaral. Nagsagawa ng ebalwasyon upang lubusang makuha ang kinakailangang datos. Kinunsulta ito sa mga eksperto sa wika o mga tumandok partikular sa mga matatandang Aklanon sa bawat domeyn.

Naging hanguan ang mga datos upang mabuo ang pedagogikal na gawaing pangklasrum at gabay bilang tuntuning panggramatika.

Paglalahad at Interpretasyon

Ipinapakita sa mga sumusunod na mga talahanayan ang mga datos na nakalap mula sa pag-aaral na ito. Sa tulong ng mga informante naging empirikal, sistematiko, at kontrolado ang paglalahad ng bawat idea at konsepto. Kalakip sa mga naging resulta ang sosyolingguwistikong pagsusuri sa mga kurpos sa bawat klaster. Nilimit lamang ang pagsusuri sa Unlapi, Gitlapi, at Hulapi na nakapaloob sa mga Aspekto ng Pandiwa: Apektong Perpektibo (pagnagdaan), Aspektong Imperpektibo (pangkasalukuyan), at Aspektong Kontemplatibo (panghinaharap). Sa pamamagitan nito, nakapagbalangkas ng isang simulaing gawain sa panggramatika at pedagogikal na aspekto.

Talahanayan 1. Mga Kurpos sa Iba't Ibang Domeyn at Klaster ng Diyalektong Akeanon

Pamumuhay	Pagdiriwang	Pamahiin/ Paniniwala	Panitikan	Pang-araw-araw na Pamumuhay
ahas	aeaw-aeaw	balilin	apin	bakae
alima	agda	bisita	arado	tahop
bantae	agto	buhaon	bake	buead
bintoe	ayan	bulog	bali	eaaha

bira	banyos	buyot	bulig	sabod
bugsay	bit-bit	damgo	bunae	laba
bulig	dam-os	damoy	euak	hugas
guyod	digamo	eabo	gihit	lampaso
ha-ha	gurgor	gaeab	kahoy	panaw
hak-eap	hado	higugma	katin-katin	pamasyar
hulay	halad	hinis	kino	pamugon
itsa	himos	kanta	kuhit	hilot
kiwa	lolo	kunlaw	kurahab	tipig
lumpat	panumdom	nobina	pamista	tus-on
lunip	patik	sal-ot	puga	bungkag
puna	pinitinsya	saylo	pulok	hampang
saeap	rosaryo	silhig	salyo	ungkag
taktak	sadsad	tinguha	sulat	hawan
ula	simba	uli	turo	sarok
usoy	sudlay	wasak	uk-uk	tabok

Nagkaroon ng mga hakbangin sa pagkalap nito at isinaayos nang mabuti ang mga kurpos batay sa domeyn.

Sa domeyn ng Pamumuhay, itinuon ang pangangalap ng datos sa pangingisda, ibinahagi ng mga informante ang proseso/hakbangin sa pagsasagawa ng pangingisda kung paaanong naitala ang mga salitang kilos.

Sa domeyn ng pagdiriwang, pinili ng mananaliksik na ituon ang kaniyag pangangalap ng mga kurpos sa kilalang pagdiriwang sa probinsya ng Aklan, ang Ati-atihan festival, kinilala sa buong bansa ang pagdiriwang na ito bilang *The Mother of all Philippine Festivals*. Sa pagkalap ng mga kurpos sa nasabing pagdiriwang, magalang na nakipanayam ang mananaliksik sa mga informante kung ano-ano ang mga isinasagawa ng mga deboto o mga nakikiisa sa nasabing pagdiriwang simula umpisa hanggang sa huling araw ng pagdiriwang na ito.

Habang sa domeyn ng Pamahiin/paniniwala, hinimay-himay ng mananaliksik ang iba't ibang pamahiin/paniniwala na mayroon ang bawat klaster, itinala at pinili ang bawat kurpos kagaya halimbawa sa pamahiin/paniniwala sa burol, pag-aasawa, sa loob at labas ng tahanan, paghahanda ng pagkain, at iba pa.

Samantala, sa domeyn ng Panitikan, hinalaw ng mananaliksik ang mga kurpos sa piling panitikan na mayroon ang Aklan; Komposo at Tula. Sa komposo, sinuri at itinampok ang mga akda na "Ati-atihan" at "Nagasalig sa Uean" ni Melodino Resusta at "Magmamani" nina Alexandrowa Ramos at Elena Tapar. Habang sa Tula naman, sinuri at itinampok ang mga akda na "Alas Tres" ni Rommel Constantino, "Amat-amat" ni Antonio F. Tolentino, "Do Adlaw nga si Nanay hay Gin-amulitan" ni Rocky Abello, at "Sa mga Nagkaeabali nga Silak" ni Melchor F. Cichon.

Sa domeyn na Pang-araw-araw na Pamumuhay, inilahad ng mga informante ang kanilang sitwasyon mula pagkasising hanggang sa simulan nitong isagawa ang kanilang nakasanayang gawin sa pang-araw-araw. Pinili nang maayos ng mananaliksik ang karapat-dapat na mga kurpos upang ilahad sa pag-aaral na ito.

Talahanayan 2.1 Aspektong Perpektibo (pangnagdaan)

Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Inakeanon	Akalanon-Buruangganon	Salin sa Filipino	English Translation
gin	agda	gin-agda	gin-agda	inimbita	invited
naka	agto	nakaagto	nakaayan	nakapunta	has/have or had gone to (e.g place)
in	arado	inarado	gin-arado	inararo	plowed
ginpa	bakae	ginpabakal	ginpabakal	pinabili	requested someone to buy something
ginpang	bira	ginpangbira	ginpangbira	hinila	pulled
nag	buhaon	nagbuhaon	nagbahaon	bumahing	sneezed
ha/na	buoe	ha/nabuoe	nabuol	nakuha	has/have or had been taken
nagpa	daea	nagpadaea	nagpadala	nagpadala	sent something to someone
in (gitlapi)	eaha	einaha	nilaha	niluto	cooked
nakapa	haro	nakapaharo	nakapahado	nakapahalik	has or had himself/herself kissed by someone
nakapang	hugas	nakapanghugas	nakapanghugas	nakahugas	has or had washed
nagpang	kusi	nagpangkusi	nagpangkusi	nangurot	pinched
um (gitlapi)	saeok	sumaeok	sumalok	sumalok	fetches or collected water
Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Malaynon	Akalanon-Nabasnon	Salin sa Filipino	English Translation
gin	agda	ginsampit	gin-agda	inimbita	invited
naka	agto	nakaayan	nakaayan	nakapunta	has/have or had gone to (e.g place)
in	arado	inarado	inarado	inararo	plowed
ginpa	bakae	ginpabakal	ginpabakal	pinabili	requested someone to buy something
ginpang	bira	ginpangbira	ginpangbira	hinila	pulled
nag	buhaon	nagbaon	nagbaon	bumahing	sneezed
ha/na	buoe	nabuol	nabuol	nakuha	has/have or had been taken
nagpa	daea	nagpadala	nagpadala	nagpadala	sent something to someone
in (gitlapi)	eaha	nilaha	nilaha	niluto	cooked
nakapa	haro	nakapahado	nakapahado	nakapahalik	has or had himself/herself kissed by someone
nakapang	hugas	nakapanghugas	nakapanghugas	nakahugas	has or had washed
nagpang	kusi	nagpangkusi	nagpangkusi	nangurot	pinched
um (gitlapi)	saeok	sumaeok	sumalok	sumalok	fetches or collected water

Ipinapakita sa talahayan 2.1 ang mga kurpos na nilapian ng iba't ibang natuklasang mga panlaping makadiwa sa aspektong perpektibo. Mayroon itong 13 na mga panlaping makadiwa sa unlapi at gitlapi, sa bahaging ito ay susuriin batay sa tunguhin at layunin ng pag-aaral. Ipinapakita rin ang paraan at wastong gamit ng nabanggit na mga panlapi upang magkaroon nang maayos na komunikasyon.

Mapapansin sa talahanayan ang iba't ibang kurpos mula sa hinanguang mga domeyn. Sa mga kurpos na **bira** at **buoe**, tumutukoy ang mga ito sa paraan ng pangingisda kung saan ay nakahanay sa domeyn ng Pamumuhay. Ang mga kurpos na **agda**, **eaha**, at **haro** ay hinalaw sa domeyn ng pagdiriwang. Nagpapahiwatig na ang mga Akalanon ay mahilig din sa mga pagdiriwang, ito ang kanilang panata at paraan ng pagpapakita ng

pasasalamat sa mga biyayang natanggap. Habang ang mga kurpos na **buhaon**, **daea**, at **kusi** ay mula sa domeyn ng Pamahiin/Paniniwala. Naniniwala ang mga Aklanon sa pamahiin na kapag nagbuhaon o bumahing ang isang tao sa loob ng isang tahanang may nilalamayan ay susunod ito sa namatay, kailangang “kurinaton” o pingutin ang tenga ng taong bumahing para maputol ang masamang pangitain.

Sa kabilang banda, ang mga kurpos na **arado** at **agto**, ay ibinatay sa domeyn ng Panitikan. Inilalarawan sa panitikang hinanguan ang sitwasyon ng mga magsasakang Aklanon; walang sapat na suporta mula sa gobyerno at pagsamsam ng mga malalaking negosyante ng kanilang mga lupaing sinasaka. Ang kurpos na **bakae**, **hugas**, at **saeok** ay nagpapabatid ng mga pang-araw-araw na gawain ng mga informante.

Sa usaping teknikal, ang mga kurpos na mayroong *voice velar fricative (VVF)* na “y” (e) kagaya ng **eaha**, **bakae**, **buoe**, **daea**, at **saeok** ay nagkaroon ng pagpapalit ponemang /l/ sa ibang klaster maliban sa Akl-Inak., naging **laha**, **bakal**, **buol**, **dala**, at **salok** ang mga ito.

Samantala, nagkaroon naman ng pagkakaltas ng ponema pagkatapos lapian ang kurpos na **buhaon** na naging **baon** sa mga klaster na Akl-Mal., at Akl-Nab.

Ang mga sumusunod ay interpretasyon at nabuong gabay sa paglalapi ng mga kurpos sa Aspektong Perpektibo:

gin-/in-/ ha-/na-	ang mga unlaping gin-, in-, at ha-/na- ay pawang pareho ang gamit sa paglalapi, ngunit ang unlaping in- ay umiiba sa ibang klaster, idinurugtong ang panlaping ito kung ang unang pantig ng salitang-ugat ay nagsisimula sa a, i, o, u. Hindi gumagamit ng ganitong uri ng panlapi ang Akl-Bur., sa halip ay nananatili ang paggamit ng unlaping gin-.
ginpa-	nagpapahiwatig ang panlaping ito na iba ang gumagawa ng kilos.
ginpang-	ang unlaping ito ay nagsasaad na ang gumagawa ng kilos ay maramihan o <i>plural form</i> sa wikang Ingles
nagpa-	nagpapahiwatig ito ng isang kilos na ipinapagawa o ipinapakiusap sa iba ang ng isang hiling, utos, o kilos man.
nagpang-	ginagamit ang unlaping nagpang kung tapos na ang isang gawain. Nagpapahayag din ito na ang isang kilos ay muling naulit o inuulit panlaping nagpapahiwatig nang kilos na nakaraan; maaaring ang kilos ay matagal nang naisagawa o bago pa lamang natapos. Isang indikasyon rin ang unlaping ito kung paanong iba ang gumawa ng kilos; nakadepende ito sa sitwasyon, lugar, tao, karanasan, at iba pa.
nakapa-	kapag nilapian ang isang payak na salitang pandiwa ng unlaping ito, nangangahulugan na ang kilos ay tapos nang isakatuparan. May katumbas ito sa wikang Filipino na unlaping nakapag-.
nakapang-	kapwa ikinakabit ang mga gitlaping ito sa isang salitang-ugat na pandiwa upang makabuo ng isang makabuluhang salita. Ikinakabit lamang ang gitlaping in- sa mga salitang-ugat na nagsisimula sa katinig. Habang ang gitlaping um- naman ay ikinakabit rin sa mga
in- at um-	

salitang-ugat na nagsisimula sa katinig at mga salitang-ugat na mayroong VVF.

Talahanayan 2.2 Aspektong Imperpektibo (pangkasalukuyan)

Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Inakeanon	Akalanon-Buruangganon	Salin sa Filipino	English Translation
gina	haead	ginahaehead	ginahalad	inaalay	offering
naga	eunip	nagaeunip	nagalunip	sumisisid	diving
nagapa	tanom	nagapatanom	nagapatanom	magpapatanim	asking someone else to plant something for him/her
ga	puna	gapuna	gapuna	nagtatahi (hal. lambat)	mending (e.g fish net)
Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Malaynon	Akalanon-Nabasnon	Salin sa Filipino	English Translation
gina	haead	ginahalad	ginahalad	inaalay	offering
naga	eunip	nagalunip	nagalunip	sumisisid	diving
nagapa	tanom	nagapatanom	nagapatanom	magpapatanim	asking someone else to plant something for him/her
ga	puna	gapuna	gapuna	nagtatahi (hal. lambat)	mending (e.g fish net)

Lumabas sa isinagawang pag-aaral na mayroong 4 na panlaping makadiwa sa bawat klaster sa Aspektong Imperpektibo. Hinalaw ang mga kurpos sa iba't ibang domeyn ng pag-aaral na ito. Sa kurpos na **haead** na may katumbas sa wikang Filipino na alay ay mula sa domeyn ng Pagdiriwang. Ginagawa ang paghaead o pag-aalay ng mga Akalanon sa tuwing nagkakaroon ng iba't ibang pagdiriwang sa kanilang lugar, indikasyon ng kanilang pasasalamat. Ang mga kurpos na **eunip** at **puna** ay nagmula sa domeyn ng Pamumuhay. "Ginaeunip" o "sinisisid" ng mga mangingisdang Akalanon ang mga lamang dagat na maaaring pagkakitaan, habang ang "puna" na man o may katumbas na "tahi" sa Filipino ay paraan ng mga mangingisdang Akalanon kung paanong inaayos o tinatahi ang mga nasira o nabutas na lambat; binibigyang halaga parin ang kagamitang ito sapagkat nagbibigay ito ng pag-asa sa kanilang mga hapag. Ang kurpos na **tanom** ay nagmula sa domeyn ng Panitikan. Ipinabatid ng salitang ito ang kabayanihan ng ating mga magsasakang Akalanon. Mula sa panitikan ay inilarawan ang buhay ng mga magsasakang Akalanon.

Nagkaroon din ng pagpapalit ponema sa ibang katawagan dahil sa VVF. Ang haead at eunip na naging halad at lunip sa mga klaster na Akl-Bur., Akl-Mat., at Akl-Nab.

Ang mga sumusunod ay interpretasyon at nabuong gabay sa paglalapi ng mga kurpos sa Aspektong Imperpektibo:

gina- nagpapahayag ang unlaping ito ng isang kilos na kasalukuyang ginagawa o sa anyo ng aspektong imperpektibo.

nagpapahiwatig ang mga panlaping ito ng isang kilos sa parehong aspekto ng imperpektibo o pangkasalukuyan. Ang unlaping ga- ay hinalaw lamang sa ulaping naga-. Kung usaping pormal o pagsulat ng teknikal na papel, nararapat na ang panlaping naga- na lamang ang gamitin sa halip na ga- nang sa gayon ay mapanatili pormal na paraan ng pagsulat. Maaaring gamitin ang unlaping ga- sa pakikipagkapuwa. ang gumagawa ng kilos na pangkasalukuyang ito ay ibang tao. Maaaring inutos sa kaniya o hiniling na gawin.

Talahanayan 2.3 Aspektong Kontemplatibo (panghinaharap)

Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Inakeanon	Akalanon-Buruangganon	Salin sa Filipino	English Translation
hon (hulapi)	alsa	alsahon	alsahon	iangat	will raise/lift
hi (hulapi)	basa	basahi	basahi	basahan	telling someone to read something for someone else
mapang	busk-ak	mapangbus-ak	mapangbus-ak	magsisibak ng kahoy na panggatong	will split some fire woods
maka	daea	makadaea	makadala	makadala	will have/ shall have brought
on (hulapi)	duaw	duawon	duawon	bisitahin (hal. maysakit/namatay na kamag-anak o mahal sa buhay)	will visit someone (e.g a sick/dead person)
mapa	eaba	mapaeaba	mapalaba	magpapalaba	will ask someone to do the laundry for his/her asking someone to tell something on his/her behalf
ginapa	hambae	ginahambae	ginapahambal	pinapasabi	will tell a story/narrative to someone
han (hulapi)	istorya	istoryahan	istoryahan	pag-usapan	will pray the holy rosary
ma	rosaryo	marosaryo	marosaryo	magrorosaryo	telling someone to sweep a floor
i (hulapi)	silhig	silhigi	silhigi	walisan	will offer something to someone
an (hulapi)	sumbil	sumbilan	sumbilan	alukin	telling someone to plant something
a (hulapi)	tanom	tamna	tamna	itanim	

Panlapi	Salitang-ugat	Akalanon-Malaynon	Akalanon-Nabasnnon	Salin sa Filipino	English Translation
hon (hulapi)	alsa	alsahon	alsahon	iangat	will raise/lift
hi (hulapi)	basa	basahi	basahi	basahan	telling someone to read something for someone else
mapang	busk-ak	mapangbus-ak	mapangbus-ak	magsisibak ng kahoy na panggatong	will split some fire woods
maka	daea	makadaea	makadala	makadala	will have/ shall have brought
on (hulapi)	duaw	duawon	duawon	bisitahin (hal. maysakit/namatay na kamag-anak o mahal sa buhay)	will visit someone (e.g a sick/dead person)
mapa	eaba	mapaeaba	mapalaba	magpapalaba	will ask someone to do the laundry for his/her

ginapa	hambae	ginahambae	ginapahambal	pinapasabi	asking someone to tell something on his/her behalf
han (hulapi)	istorya	istoryahan	istoryahan	pag-usapan	will tell a story/narrative to someone
ma	rosaryo	marosaryo	marosaryo	magrorosaryo	will pray the holy rosary
i (hulapi)	silhig	silhigi	silhigi	walisan	telling someone to sweep a floor
an (hulapi)	sumbil	sumbilan	sumbilan	alukin	will offer something to someone
a (hulapi)	tanom	tamna	tamna	itanim	telling someone to plant something

Tulad sa kung paano nagkaroon ng pagkaiiba sa paggamit ng wika ang mga tao, may iba't ibang paraan din ng pagbigkas ang mga Aklanon sa isang kurpos kapag ito ay nalapian na, umiiba ang kahulugan depende sa aspekto ng pandiwa, higit sa lahat umiiba ang katawagan ng ibang mga kurpos, isang salik na nakikita sa pangyayaring ito ay dala ng impluwensiya ng lokasyon ng mga taong naninirahan sa partikular na lugar gamit ang kanilang saring pagkakilanlan, ang wika. Mapapansin na halos walang nagbago sa paggamit ng mga panlaping makadiwa sa bawat klaster, tanging nagkaiiba lamang sa mga katawagan ayon sa kung paano ito binibigkas. Nagiging konsistent parin ang pagpapalit ng ponema/katinig /l/ kung ang kurpos ay mayroong VVF na tunog.

Itinampok ang iba't ibang kurpos mula sa domeyn ng Pamumuhay tulad halimbawa ng **alsa** na may katumbas sa wikang Filipino na “angat” kung saan ito’y proseso ng mga mangingisdang Aklanon sa pagkuha ng mga nahuling isda o lamang dagat mula sa lambat. Inaangat nila ito nang dahan-dahan upang isa-isahaing tanggalin ang mga nahuli. Ang kurpos na **rosaryo** ay mula sa domeyn ng Pagdiriwang. Ginagawa ang pagrorosaryo sa loob ng 9 na araw bilang nobina bago ang pinakaaraw ng selebrasyon o hindi naman kaya’y ginagawa araw-araw o gabi-gabi ng mga Aklanon. Bukod dito, ang pagrorosaryo ay bahagi na ng kulturang Aklanon na nagpapabatid na sila’y madasalin.

Ang mga kurpos na **basa**, **daca**, **hambae**, at **silhig** ay nagmula sa domeyn ng Pamahin/Paniniwala. Mahigpit na ipinagbabawal ng mga Aklanon ang pagwawalis kung may lamay. Nananatili ang ganitong uri ng pamahain sa mga Aklanon dahil naniniwala silang sa paraang ito’y naipapakita nila ang kanilang pagrespeto sa yumao.

Habang ang mga kurpos na **hambae**, **istorya**, **sumbil**, at **tanom** ay halaw sa domeyn ng Panitikan. Ang salitang “hambae” at “istorya” na may katumbas sa wikang Filipino na “sabi” at “kuwento” ay paraan ng mga Aklanon sa pakikipagkapuwa sa iba, pagsabi ng mga problema o hinaing, at pagpapaalam sa iba ng mga pangyayaring nagaganap sa paligid. Ang “sumbil” naman o “alok” ay kaugalian ng mga Aklanon na mapagbigay sa iba na kahit kapos o kinukulang sa pang-araw-araw ay nagagawa paring magbahagi ng biyaya sa iba. Ang “tanom” o “tanim” ay isa sa mga pinakukunan ng hanapbuhay

ng mga Aklanon. Ang mga kurpos na **busk-ak** at **eaba** ay halaw sa domeyn ng Pang-araw-araw na Pamumuhay.

Ang mga sumusunod ay interpretasyon at gabay ng mga panlapi sa Aspektong Kontemplatibo:

ginapa-	ang unlaping ito ay sa pautos na pamaraan, ngunit ang utos ay hindi direktang inuutos sa inuutusan, bagkus ay pinapasabi pa sa ibang tao ang hinabiling utos para sa iba.
mapa-	ang unlaping nagsasaad na ang kilos ay inuutos sa iba o ang ibang tao ang gumagawa ng kilos. Nagpapanatid din ang unlaping ito ng kilos na aalis sa isang lugar, malayo man o malapit.
mapang-	ang unlaping ito ay nagpapahayag ng isang kilos na ipinapaalam sa iba na isasagawa ang isang kilos o hindi naman kaya'y ang kilos ay isang habitwal o inuulit nang mayroong dahilan.
maka-	isang kilos na sa aspektong kontemplatibo na nagpapahiwatig ng isang pagnanasa, maaaring para sa ikabubuti o sa paghihiganti.
a-	nagpapahayag ang hulaping ito ay ng isang kilos na pautos o nagbibigay panuto; kadalasan ang nag-uutos o nagbibigay panuto ay malapit lamang sa inuutusan
i-	nagsasaad ang hulaping ito ng pagbibigay utos o pakiusap sa kausap. Binibigyang-diin ng nag-uutos na gawin ang isang bagay ngunit ang desisyon ay nasa tagagawa ng kilos kung ito ba ay susundin niya agad o ipagbaliban na lamang. Magkatulad naman ito sa panlaping i- na kung saan ay nagpapahiwatig din ng pautos ngunit sa panutong paraan. Kadalasang ang inuutusan ay malapit lamang sa nag-uutos.
an-	ito ang hulaping nagsasaad ng kilos na patanong sa isang inuutusan o ang nag-uutos mismo ang maaaring magsagawa ng kilos na gagawin pa lamang. Nagkakaroon din ng palitang ponemang /o/ at /u/.
on-	ang hulaping ito ay nagsasaad ng kilos na patanong sa isang nag-uutos, nakikiusap, o boluntaryong nagtatanong na gawin ang isang partikular na kilos.
hi-	ang mga hulaping ito ay nagpapahayag din ng isang panghinaharap na kilos kung saan ay nagpapahiwatig ng pag-uutos sa iba o hindi naman kaya'y ang pag-uutos ay sa paraang humihiling kagaya halimbawa sa
han-	hulaping hi-, habang ang hulaping hon- na ang kilos na nagtatanong kung
hon-	siya mismo ang gagawa ng kilos o ang iba. Ganon paman, ang hulaping hon- ay ikinakabit lamang sa mga salitang-ugat na pandiwa na nagtatapos sa patinig na may glottal stop. Binibigkas ito ng maragsa dahil sa tunog na /h/.

Konklusyon

Natuklasang hindi pa matatag ang pagkakaroon ng tuntuning panggramatika sa Probinsya ng Aklan sa kanilang wikang ginagamit sa pang-araw-araw partikular sa aspekto ng pandiwa. Nangangailangang bigyan ng pansin at halaga ang pagbuo ng tuntuning ito sa pamamagitan ng mga pananaliksik upang magkaroon din ng basihan

na makapaglimbag ng mga kagamitang-pampagtuturo na angkla sa konseptong pangwika sa bawat klaster.

Rekomendasyon

Iminumungkahi ng pag-aaral na ito lalo na sa mga gurong nagtuturo ng *Mother Tongue Based (MLE)* kung saan ay matatawag na “tumandok” o ang mga gurong doon talaga pinanganak at lumaki sa kanilang sariling lugar ay sikapang magbalangkas ng mga gawain o kagamitan sa pagtuturo na may kinalaman sa pagpapayabong ng kaisipang angkla sa salitang kilos o pandiwa. Higit sa lahat, maging bukas na gamitin ang mga kurpos ng kanilang lugar sa pagtuturo partikular sa mga salitang kilos, nang sa gayon ay mapadali ang paglipat ng kaalaman gamit ang unang wika (W1) patungo sa ikalawang wika (W2).

Sanggunian

Alvarado, E.T., & Zamora, NC.L. (2021). Pedagogikal na Gramar ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas ng mga Gawaing Komunikatibo sa Pagtuturo-Pagkatuto ng Filipino. *International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)*, 6(4), 3084-3095. Retrieved from <http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/04/IMJSTP29120476.pdf>

Atlas ng mga Wika ng Filipinas. (2016). Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Bacalla, L. (2021). Mga Panlaping Makadiwa ng Sinugbuanon’g Binisaya: Isang Sosyolinggwistikong Pagsusuri. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino Publication

dela Cruz, B. A., & Zorc, DP. R. (1968). A study of the Aklanon dialect: *Grammar*. Retrieved from <https://eric.ed.gov/?id=ED145704&fbclid=IwAR0Bdohprer7OL8rFN5KK4kWTHkV7W2bsSb6PO6gFobSQdBIU8rZ-SBkTQ>

Komisyon sa Wikang Filipino (2012). *Ani ng Wika*. Manila: Author

Labov, W. (2006). *Principles of Linguistics Change: Social Factors*. Oxford: Blackwell Publishers Ltd

Lewis, M. P., Simons, G. F., & Fennig, C. D. (2014). *Ethnologue: Languages of the world* (17th ed.). Dallas: SIL International

Mindano, PJ.E. (2016). *Pahambing na Pagsusuri ng mga Pandiwang Filipino at Akeanon* (Master’s thesis). Filamer Christian University, Roxas City.



Nuncio, R.V., Nuncio, E.M., Valenzuela, R., Malabuyoc, V.A., Saul, A.J.G., Gragasin, JM.D., & Villanueva, Ma.A. (2016). *Sidhaya 11: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino* (Batayang Aklat sa Filipino sa Senior High School) Quezon City: C&E Publishing

Pinker, S. (2007). *The Language Instinct* (1994/2007). New York, NY: Harper Perennial Modern Classics